

DIYOS KO! AKO'Y NAGKASALA! PATAWARIN MO PO AKO..! SA PARUSANG ITO'Y NAKATALAGA ANG AKING SARILI!
KATAPUSANG LABAS
SIMULA WAKAS
BAKAS NG NAKARAAN:
SA YUNGIB NG APOY NG KASALANAN AY NADAMA NI MARIO NA NAGDIRINGAS ANG KANYANG KATAWAN... HINDI SIYA MATUPOK-TUPOK NGUNI'T NARARAMDAMAN NIYA ANG SAKIT NG PAGKAUHAW. ISANG TINIG ANG NAGSALITA SA KANYA AT SINABING MAKAIINOM LAMANG SIYA SA NAGAWAN NIYA NG KABUTIHAN... SUMIPOT SA KANYA SI SONYA AT DINULUTAN SIYA NG TUBIG. NGUNI'T ANG TUBIG AY NATUTUYO SA PAGSAYAD SA KANYANG LABI... SAKA NIYA NAGUNITANG DI SIYA KARAPAT-DAPAT SA KABUTIHAN NI SONYA..!
NOBELA ni
JOSE L.SANTOS Jr.
BIGLANG NAGBAGO ANG KALAGAYAN NI MARIO...NASUMPUNGAN NA LAMANG ANG SARILI NA NASA LOOB SIYA NG ISANG PARANG TEMPLO...
AKO ANG SIMULA AT WAKAS..! NGAYO'Y NARIRITO KANG MULI SA HARAPAN KO...BIGO SA UNANG PAGKAKATAONG IBINIGAY SA IYO..!
PATAWAD! PATAWAD! ISA PA... ISA PA PONG PAGKAKATAON ANG HINIHINGI KO!
HUMAYO KA..! ANG PAGKAKATAONG IYA'Y IBIBIGAY SA IYO! MAY ISANG DALANGING NAGHAHANDOG NG PAGPAPAKASAKIT DAHIL SA IYO! MAGBALIK KANG MULI SA LUPA!


ANG DALANGING IYON NG PAGPAPAKASAKIT AY NAGBUHAT KAY DIVINA NA NAGSISISI AT NAGBABAGONG-LOOB...
KAPINSALAAN LANG ANG NAIDULOT NG AKING PAG-IBIG SA KANYANG BUHAY. LALAYO AKO SA KANYA AT ISINUSUMPA KO ANG AKING BUHAY AT KAYAMANAN AY IUUKOL KO SA PAGKAKAWANGGAWA...
ANG KALULUWA NI MARIO'Y NAGBALIK SA KANYANG KATAWAN SA ISA PANG PAGKAKATAON...
MARIO, O, ASAWA KO!
PINAGKALOOBAN PA ULI AKO NG BUHAY, SONYA! ISINUSUMPA KO NA SA 'YONG MAGPAPAKABUTI NA AKO!
MAGALING NA SI MARIO, AT ISANG ARAW...
SI DIVINA...PUMASOK SA ISANG AMPUNAN! INIHANDOG ANG KANYANG PAGLILINGKOD SA PAG-AALAGA NGMGA BATANG KAPOS-PALAD, AT ANG KANYANG KAYAMANAN AY IPINAGKALOOB SA AMPUNAN AT ISA PANG SAMAHAN SA PAGKAKAWANGGAWA!
KAWAWA NAMAN SIYA!
SONYA, DEDES... SISIKAPIN KO RING MAGING DAPAT NA SA INYONG PAGMAMAHAL!
TINUNGO NI MARIO ANG PIYANO, AT BILANG HULING PAGUNITA KAY DIVINA AY TINUGTOG NIYA ANG "SIMULA AT WAKAS."
ALPA — OMEGA
HABANG TUMUTUGTOG SI MARIO'Y DUMATING ANG AMA AT INA NI SONYA...
WAKAS